


# WALA NANG TAO SA MAYNILA


A Graphic Novel



mula sa panulat at guhit ni

RANDY VALIENTE


HULI YATA AKONG NAKAPUNTA DITO SA MANILA CATHEDRAL AY HALOS APAT NA TAON NA ANG NAKARARAAN.
NAPADAAN LANG KAMI NI LEA HABANG PAPUNTA SA PIER.
TINITINGNAN KO LANG ITO DATI PERO HINDI KO NAKIKITA.
NGAYON KO LANG NAPAGMAMASDAN NA PARA PALA ITONG NASA ULAP.
O BAKA AKO MISMO ANG PARANG LUMULUTANG.
SIMULA KANINANG UMAGA AY PALAKAD-LAKAD NA AKO DITO SA LOOB NG INTRAMUROS. WALA AKONG TIYAK NA PUPUNTAHAN.
INIISIP KO NA LANG NA MAGANDA SA PUSO ITONG PAGLALAKAD.
MAGANDA SA PUSO ANG PAGLALAKAD?
NAKAKATAWA.
MEMORARE
KUNG ANG PAG-IBIG SANA AY NAKUKUHA LANG SA PAGLALAKAD AY WALA NANG MGA PUSONG SAWI.
NGUNIT ANG PAGLALAKAD AY IBA SA PAGLALAKBAY.
MAARI KO SIGURONG ITURING NA NASA GITNA AKO NG PAGLALAKBAY.
INTRA
ISANG MAHABANG-MAHABANG PAGLALAKBAY.



END 2000 YEARS OF CULTURE!
SA KALYENG ITO MADALAS KONG MAKITA ANG MGA PULUBI. NAGLALAGAY LANG SILA DITO NG KARTON AT SAKO PARANG GAWING BAHAY.
SA ISANG SULOK, NAKAKAKITA AKO NG MGA BATANG SUMISINGHOT NG SOLVENT.
WALA NGANG MASYADONG DUMADAAN DITO DAHIL BAKA MAHOLDAP.
BIRUIN MO ILANG HAKBANG LANG ANG LAYO NG CITY HALL AT ISTASYON NG PULIS AY MAY NAGLALAKAS PA NG LOOB NA MANGHOLDAP DITO.
GANOON NA KADESPERADO ANG MGA TAO.
AYON NGA SA ISANG NABASA KO DATI, ANG BUHAY DAW SA MAYNILA AY SURVIVAL. ANG TOTOO, BAKA SA BUONG PILIPINAS.
KAILANGAN MONG KUMAYOD NG HUSTO PARA MAKAKAIN NG MAAYOS. NA PARA BANG ANG PAGKAIN AY ISANG KAYAMANAN NA KAUNTING TAO LAMANG ANG MAY KAKAYANANG MAKAKUHA.
DALAWAMPU'T PITONG TAON AKO SA LUNGSOD NA ITO. BUONG BUHAY KO AY DITO NA AKO NAMALAGI NGUNIT PAKIRAMDAM KO AY NGAYON KO PA LANG ITO NAKIKILALA.
LAGUSNILAD
AKO SI ARMAN, ANG NAG-IISANG TAO DITO SA MAYNILA.


ISANG LINGGO PA LANG ANG NAKARARAAN AY NAGSALITA ANG LIDER NG NORTH KOREA DAHIL SA LUMALALANG TENSYON NILA SA AMERIKA.
I WILL DROP A BOMB IN *GUAM AND MANILA IF YOU CONTINUE TO BULLY US!
*ANG GUAM AY TERITORYO NG AMERIKA SAMANTALANG ANG PILIPINAS AY KILALANG KAALYADO NG AMERIKA. MAYNILA ANG SENTRO NITO.
WALANG NANIWALA.
SIRAULO LANG YAN!
MANIWALA KA SA BALIW NA YAN!
MAKALIPAS ANG TATLONG ARAW, BUMAGSAK ANG MALAKAS NA BOMBA SA GUAM.
NGAYON AY NALAMAN NG LAHAT NA HINDI NAGBIBIRO ANG NORTH KOREA.
ISUSUNOD NA ANG MAYNILA.


ILANG MINUTO LAMANG PAGKATAPOS NG PANGYAYARING IYON AY NAGSALITA SA TV ANG PANGULO NG PILIPINAS...
THIS ACTION OF NORTH KOREA IS UNACCEPTABLE. TOGETHER WITH OTHER COUNTRIES AROUND THE WORLD, WE ARE CONDEMNING THIS INHUMANE ACT...
NAGSALITA NA RIN ANG ALKALDE NG MAYNILA.
PINAPAYUHAN ANG LAHAT NG RESIDENTE NG MAYNILA NA LUMIKAS SA LOOB NG 24 ORAS. NAGBIGAY NA NG ASSISTANCE ANG NATIONAL GOVERNMENT AT KASALUKUYANG IPINAPAKALAT ANG MGA TRAK AT BUS UPANG MAGAMIT SA PAGLILIKAS.
"PINAPALAYO NA RIN ANG MGA KARATIG LUNGSOD NA LISANIN MUNA ANG LUGAR. KUNG MAARI AY MAG-UWIAN MUNA SA MGA PROBINSYANG MALAYO."
KUMUSTA NA KAYA SI LEA?
"WE ARE PREDICTING A WORLD WAR 3 HERE. CHINA AND RUSSIA ARE SILENT ABOUT THE BOMBING BUT IT LOOKS LIKE THEY ARE FOR NORTH KOREA. ENGLAND, FRANCE AND GERMANY, ON THE OTHER HAND..."
MAGSIMULA NA LANG ULIT TAYO SA PROBINSYA. HUWAG NA TAYONG BUMALIK DITO SA MAYNILA.
IWAN MO NA 'YANG AIRCON AT REF. ANG MAHALAGA AY MAKAALIS AGAD TAYO DITO. KULANG NA ANG DUMATING NA TRAK AT KAILANGAN AGAD NATING MAKASAKAY.
NAAALALA NIYA RIN KAYA AKO SA MGA PANAHONG GANITO?



NANG GABING IYON AY KAKAIBA ANG KATAHIMIKAN.
HINDI DATING GANITO ANG KALYENG ITO.
MAAYOS NA PUMIPILA ANG MGA TAO PAPUNTA SA MGA TRAK NG MILITARY.
KAKAIBA ANG NAGAGAWA NG TAKOT.
TAKOT HINDI LAMANG SA NAPIPINTONG PANGANIB KUNDI TAKOT SA BUHAY NA KAKAHARAPIN PAGKATAPOS NITO.



IKA-6 NG UMAGA.
PASIKAT PA LANG ANG ARAW AT BUONG GABI NANG WALANG TIGIL ANG PAG-ALIS NG MGA TAO.
GAYA NG NAKARAANG GABI, MAAYOS NA NAKAPILA ANG MGA TAO HABANG ANG KARAMIHAN AY UMUUSAL NG KANI-KANIYANG DASAL.


NAKILALA KO SI LEA SA ISANG PARTY APAT NA TAON NA ANG NAKARARAAN...
MAHILIG KA PALA SA ISDA. MUKHANG MAGKA-KASUNDO TAYO.
MERON KAMING MALAKING AQUARIUM SA SALAS. SA DADDY KO 'YUN PERO IBINIGAY NA LANG SA AKIN KAYA AKO NA ANG NAGMI-MAINTAIN.
GUSTUHIN KO MANG MAG-ALAGA NG ISDA, KASO LAGI AKONG WALA SA BAHAY. MINSAN AY NADIDESTINO AKO SA PROBINSYA NG MGA TWO WEEKS DAHIL SA TRABAHO. WALANG MAGPAPAKAIN. KAYA ANG GINAGAWA KO AY BUMIBILI NA LANG AKO NG POSTERS NG MGA ISDA.
KAILANGAN MO NG KASAMA SA BAHAY PARA MAY MAG-AALAGA.
NAPAKAHIRAP MALAMAN KUNG MALUNGKOT O MASAYA ANG ISANG ISDA. HINDI MO ALAM KUNG TALAGANG TAHIMIK LANG SILA O PINIPIGILAN SILA NG TUBIG PARA MAGSALITA.
MAGSAMA NA TAYO, LEA.
HINDI KO ALAM KUNG PAANO MAGPAPAALAM SA MOM KO. 'YUNG DAD KO MATAGAL NA AKONG SINASABIHAN NA MAGSARILI PARA DAW MATUTO AKO.


MOM, MAGANDA ANG ROOM NA INUUPAHAN KO. DON'T WORRY, IT'S SAFE HERE. ALL GIRLS ANG NAKATIRA DITO. MOM, I KNOW...WALA AKONG BOYFRIEND...
KELAN MO SASABIHIN SA MOM MO NA MERON NA?
THAT WAS THE EASY PART. ANG MAHIRAP AY 'YUNG MALAMAN NIYA NA NAGSASAMA NA TAYO.
BEING IN A RELATIONSHIP IS DIFFERENT NOWADAYS.
KAILANGAN NIYO MUNANG MAGSAMA SA ISANG BUBONG BAGO MAGPAKASAL. MARRIAGE FIRST BEFORE LIVING TOGETHER IS SO OLD FASHIONED.
HINDI KO MADADALA ANG MALAKING AQUARIUM SA BAHAY SO BUMILI NA LANG AKO NG MALIIT. BUMILI NA RIN AKO NG DALAWANG GOLD FISH, LALAKE AT BABAE.
MAY PANGALAN BA SILA?
RUSTOM AND CARMINA.
WHAT? YOU'RE CRAZY.
I'M TRYING TO REVIVE OLD SOULS.
FOR TWO YEARS, WE ARE LIKE ADAM AND EVE IN OUR OWN EDEN.
COMPATIBLE KAMI NI LEA SA MARAMING BAGAY. SEXUALLY, INTELLECTUALLY...


BUT NOT OUR EMOTIONS.
MAY PAGKAMANHID AKO.
HEY, PRE, PAALIS NA ANG TRAK. WALA KA BANG DALANG GAMIT MO?
SUMAKAY NA PO KAYONG LAHAT. KAUNTING TRAK NA LANG ANG NAIWAN AT BAKA MATAGALAN PA ANG IBA BAGO MAKABALIK
STOP
PUNO NA ANG NLEX AT SLEX SA DAMI NG SASAKYAN NA PALABAS NG MAYNILA.
PARANG EXODUS SA BIBLIYA KUNG SAAN TUMATAKAS ANG MGA ISRAELITA MULA SA EHIPTO.


IKA-7 NG GABI.
WEEEEE WEEEEE
HALOS WALA NANG TAO. INIISA-ISA NA NG MGA PULIS AT SUNDALO ANG BAWAT BAHAY KUNG MAY NAIWAN.
KAUUWI KO LANG GALING SINGAPORE, KAPUPUNDAR KO LANG NG MGA GAMIT. BAGO ANG TV KO, ANG REF...
ANO PO BANG GUSTO NIYO, MAKALIGTAS SA BOMBA O BANTAYAN ANG BAGO NIYONG TV AT REF?
IKA-8 NG GABI.
WALA NA ANG LAHAT NG TAGA-MAYNILA.
WALA NA RIN ANG MGA SUNDALO AT PULIS.
ANG NAIWAN AY ISANG NAKABIBINGING KATAHIMIKAN.
NAKAKAPANIBAGO ANG MAYNILA NA WALANG TAO. PARA ITONG LIBINGAN NA WALANG NAKALIBING.
PHILTRUST BANK


ANG KAHABAANG ITO NG AVENIDA ANG ISA SA PINAKAMAGULONG BAHAGI NG LUNGSOD. NGAYON AY WALA ITONG MGA ILAW, WALA ANG MGA KALULUWANG LIGAW, MGA BABAENG NAGBIBIGAY NG PANANDALIANG ALIW, MGA LUMPEN, MGA LATAK NG LIPUNAN...
ANG LRT NA DATI AY HINDI MAHULUGANG-KARAYOM SA DAMI NG TAO, MGA HAGDANG HINAHAKBANGAN NG LIBU-LIBONG MGA PAA ARAW-ARAW, MGA SIDEWALK NA PINUPUNO NG MGA PANINDA...
ANG KALSADANG ITO NA WALANG TIGIL ANG ANDAR NG MGA SASAKYAN, MGA BUSINA, USOK AT ALIKABOK...
...AY NAGMISTULANG ANINO NG ISANG DATI AY MALIWANAG NA ILAW.
SA DULO NG AVENIDA AT BUNGAD NG STA. CRUZ AY TUMAMBAD ANG LUMANG GUSALI NG ROMAN R. SANTOS. SA KAUNA-UNAHANG PAGKAKATAON AY NAKITA KO ANG KARATULA NG KASAYSAYAN NITO NA HINDI KO NAPAPANSIN NOON SA DAMI NG TAO.
THE ROMAN R. SANTOS BUILDING
Construction of this building was first
been created as a Bank of the Poor